


ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Mapagpasya sa pag-igting ng digmang gerilya ang pagtatayo ng mga ganap na yunit gerilya (GYG) ng Bagong Hukbong Bayan.

Taglay ng mga GYG ang kakayahang maglunsad ng mas malakikit madalas na mga taktikal na opensiba.

Sa GYG, kinokonsentra ang mga Pulang mandirigma sa pormasyong platoon hanggang pinaliit na kumpanya. Binibigyan din sila ng mas abanteng treyning.

Ilan lamang ito sa mga sangkap para mapalakas ang kakayahang lumaban ng mga yunit gerilya. Basahin ang iba pa sa pahina 3.

OKTUBRE 1952

NILALAMAN

Genap
na Yunit Gerilya 3

Mahal ng US,
ayaw ng masa 6

Naghangad ng reporma,
nagtaguyod ng rebolusyon 7

May 176 bagong armas
ang BHB sa Mindanaw 8

Manobo:
mga kapatid at kasama 9

Sibilyan, ginagawang
panangga ng kaaway 11

Zionismo,
berdugo ng US 12

Mga Balita 14

'Cadena de Amor'

Nais naming magpaabot ng karagdagang impormasyon hinggil sa kasalukuyang kampanyang militar ng kaaway sa hangganang Quezon-Bikol na inilathala sa isyu ng AB noong Setyembre.

Ang kampanyang ito na binansagang "Oplan Cadena de Amor" ay pinakamalaki sa kasaysayan ng rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka sa timog Luzon. Malaki ito hindi lamang dahil sa dami kundi sa katangian din ng mga pwersang kalahok.

Ang kabuuang lakas ng mga panlabang pwersa ng AFP sa mga larangang gerilya natin sa timog Luzon ay 10 batalyon ng PC at Philippine Army, isang batalyon ng Philippine Marines, at 26 na kumpanya ng PC na kabilang sa lokal na komand. Halos 7,000 ang kabuuang lakas-tauban sa mga yunit na ito ng kaaway. Mayroon pang pito hanggang siyam na helikopter, walong Armored Personnel Carrier (APC) at apat na sasakyang pamatrulya ng Philippine Navy na bumubuo sa PN Task Force Ragay.

Ang mahigit kalahati sa mga pwersang ito, kabilang ang mga helikopter, APC at sasakyang pandagat, ay nakatalaga sa hangganang Quezon-Bikol. Malinaw na dito ang tutok ng "Oplan Cadena de Amor."

Gayunman, ang karaniwang lakas ng bawat batalyon ng PA ay 500 katao lang. Ang bisang panagupa ay higit na maliit sa bilang na ito. Ang dalawang batalyon ng PC na handito sa amin ay hindi lalampas sa 400 katao.


Sa unang yugto ng kampanya ng kaaway, na tumagal nang halos dalawang buwan, inilunsad ang mga mabilisang operasyon (sweeping operations) at pagpapakitang-gilas. Malalaking pormasyon (hanggang isang buong kumpanya) ang nagmartsa sa laguning manindak.

Pumasok sa ikalawang yugto ang kampanya ng kaaway noong Hulyo, nang magtakda sila ng mga lugar na kikilusan. Ang pangunahing paraan nila sa pagkilos ay ang masinsih at tuluy-tuloy na pagpapatrulya at pananambang na ginagawa ng maliliit na pormasyon. Saka ling mapalaban ang maliit na yunit nila (walo hanggang 15 katao) laging may pwersang reserba na pansuporta. Kapag may labanan, ihinahatid ng helikopter ang pansuportang yunit para harangan ang posibleng atrasan ng ating yunit gerilya.

Gayunman, may mga yunit ng kaaway na nagdidiin sa operasyong pangkonsolida (clear and hold operations). May atas sa kanila na ubusin at itaboy ang mga gerilyang bayan mula sa isang lugar, pagkatapos ay hawakan ito nang manigpit sa tulong ng mapanlinlang na mga pakana ng rehimen tulad ng "KKK." Gumagamit din sila ng ibang kaugnay na operasyon tulad ng civic action, psychological operation, paniniiktik at pagkontrol sa mga kilos ng taumbaryo at labas-pasok ng suplay (population and resources control). Sa ngayon nga ang mga tao sa nakapaligid naming mga baryo ay pinabababa at inilipon sa mga sentro.

Kayang pangibabawan ito ng mga kasama at masa pero kailangan ang tulong mula sa labas laluna sa propaganda. Kailangang mailantad ito sa publiko.

* Ka Oca



Pwersang panlaban

GANAP NA YUNIT GERILYA

Mahigit 40 taktikal na opensiba ang inilunsad sa Samar mula Mayo 1979 hanggang Mayo 1980, kung ikukumpara sa dalawang aksyong militar dito noong 1974. Nitong 1982, nailulunsad na ang isang taktikal na opensiba sa bawat dalawang linggo sa hilagang-kanlurang Luzon at sa timog Luzon, at isa sa bawat linggo sa buong Mindanao.

Mula noong 1980, salit-salitan, sunud-sunod at sabay-sabay na ang mga ambus, reyd at isparo na inilulunsad ng mga yunit gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa buong kapuluan. Walang linggong nagdaraan na di nababalita sa mga paha-yagan ang mga aksyong militar na ito.

Mas maraming malalakas na armas ang nakukumpiska sa mga operasyong ito, bukod pa sa papalaking pormasyon at paparaming upisyal at tauhan ng kaaway ang nababanatan. Di lamang mga kaaway na nasasagat ang nasasalakay, kundi pati yaong nagpapatrulya, nakakomboy, nag-ooperasyon o nakahimpil sa munisipyo.

Mula rin noong 1980, lalong tumindi ang mga kampanya ng kaaway para supilin ang rebolusyonaryong kilusan. Dati'y mga pormasyong iskwal hanggang kumpanya lang ang pumapasok sa mga larangang gerilya. Ngayon, bata-batalyon ang nag-ooperasyon at malalaking ditatsment ang itinatayo sa mga baryo at hangganan ng mga larangang gerilya.

Mas madalas ding umaabot nang tatlong buwan o higit pa ang mga kampanya ng kaaway na dati'y tumatagal nang isang linggo lang. Bukod dito'y mas sistema-

tiko ang mga kampanyang militar na isinasagawa ng pinagsanib na komand ng iba't ibang serbisyo (PC, Philippine Army, Air Force at Navy) ng reaksyonaryong hukbong sandatahan tulad ng Eascom (Eastern Command) at Northcom (Northern Command).

Nasasagot ng mga taktikal na opensibang ito ng BHB ang mga kampanya ng kaaway laban sa rebolusyonaryong pwersa sa mga larangang gerilya. Nalalansag ang mga ditatsment ng kaaway upang makalarga ang rebolusyonaryong kilusang masa. At napapalakas ang hukbong bayan sa pagpaparami ng armas mula sa mga ambus, reyd at operasyong isparo.

Ang ibayong sigla sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ay tanda ng ibayong pag-igting ng digmang gerilya sa buong kapuluan. At mapagpasya sa pag-igting na ito ang pagtatayo ng mga ganap na yunit gerilya (GYG).

Pangunahing pwersa

Ang ganap na yunit gerilya ang pangunahing pormasyong panlaban ng hukbong bayan sa abanteng subyugto ng istrategikong depensiba. Ito rin ang nagsisilbing binhi ng regular na pwersang makilos na itatayo sa hinaharap.

Binubuo ang mga ganap na yunit gerilya ng BHB na may kakayahang umatake sa kaaway upang ipreserba ang sarili at pangalagaan ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayan.

Karaniwang binubuo ang GYG sa pormasyong platoon hanggang pinaliit na kompanya. Dahil sa relatibong konsentrasyon ng armedong pwersa sa isang yunit, nag-iibayo ang kakayahang luaban ng hukbong bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Habang angkin ng mga GYG ang relatibong konsentrasyon, mayroon ding relatibong paghihiwa-hiwalay ang mga yunit. Sa ngayon, ang mga GYG ay binubuo at nakakalat sa saklaw ng buong larangan at mga distrito.

Bunga nito, kalat-kalat, bukod pa sa marami, ang nailulunsad na mga taktikal na opensiba sa mas malawak na saklaw. Nagagawa ng mga panlarangang yunit gerilya (LYG) at pandistritong yunit gerilya (DYG) na magkoordinar at magsanib ng pwersa para maglunsad ng malaki-laking operasyon, o kaya'y magplano ng serye ng operasyon sa mga piling lugar sa isang takdang panahon. Kaya naman sa kalawakan ng larangan, naikokombina ang malaki-laking mga opensiba sa maraming maliliit na opensiba.

Sa kabuuan, magkaagapay na binubuo at pinaunlad ang LYG at DYG. Batay sa iba't ibang kalagayan, itinatakda kung alin ang diditinan sa dalawa. Gayundaman, maaaring buuin ang LYG kahit di pa nabubuo ang lahat ng DYG sa isang larangan. At habang inaasikaso ang LYG, kasabay na pinagtutuunan ng pansin ang DYG. Sa madaling salita, kailangang buuin at palakasin kapwa ang LYG at DYG.

Bukod sa gawaing militar, bumabalikat ang mga GYG ng gawaing masa. Kung wala silang operasyon o treyning, tumutulong sila sa mga panteritoryong organisasyon ng Partido at organisasyong masa sa pagkokonsolidar ng mga larangang gerilya, laluna sa paghubuo at pagsasanay ng mga milisya. Nagbibigay rin sila ng pangmilitar na pagsasanay sa mga kadre ng Partido at aktibistang masa. Bukod pa rito, tumutulong din sila sa pangkabuhayan at pangkulturang gawain ng masa.

Sa paggampan ng gawaing masa, naghihiwa-hiwalay ang mga Pulang mandirigma sa magkakalapit na lugar para madali rin silang makapagkonsentra.

Samantala, batay sa obhetibong pangangailangan, nananatili ang mga sandatahang yunit pampropaganda (SYP) kahit mayroon nang mga GYG. Prinsipal na tungkulin ng SYP na magpropaganda at magtayo ng batayang organisasyon ng masa, at punapangalawa lamang ang gawaing militar.

Sa kasalukuyan, may pangangailangan pa rin sa mga SYP sa mga lugar na pinalalawak o binabalikan.

Paborableng kondisyon

Nasimulan na ang pagtatayo ng mga GYG sa halos lahat ng larangang gerilya. Sa maunlad na rehiyon, lampas na sa kalahati ng mga Pulang mandirigma ang nasa mga GYG.

Sumusulong ang pagtatayo ng mga GYG sa pag-iral ng mga sumusunod na paborableng kondisyon: patuloy na lumalawak at napapatatag ang mga larangang gerilya; patuloy na nakaagapay ang pagpapalitaw ng armas sa pangangailangan ng mga binubuong GYG; at patuloy ang pagsasanay at paghuhubog ng mas maraming Pulang mandirigma para maging kadreng militar.

Sa paglawak ng mga larangang gerilya, mas daluwag na nakapagmamaniobra, nakapagkokonsentra at nakapaghihiwa-hiwalay ng pwersa ang mga yunit gerilya. At dahil din sa pagdudugtong-dugtong ng mga larangang gerilya, madaling mapag-ugnay ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kabundukan at kapatagan, magkakalapit na larangang gerilya at rehiyon.

Bunga nito, di magamit ng kaaway ang kanyang kalamangan sa militar sa mga pwersang gerilya. Kahit mas marami ang kaaway, naobligar itong hatiin at ikalat ang kanyang pwersa para masuyod ang mas masasaklaw na lugar. Bentahe ito sa mga pwersang gerilya para makapagkonsentra ng mas malaking pwersa at biglaang nakatake sa kalat-kalat na mga yunit ng kaaway.

Kapag nagkokonsentra ang mga yunit gerilya, at kasama pati milisya, nakakayanan nilang lipulin ang mas malaking pormasyon ng kaaway, kaya ng pinalaking iskwad, pinalaking platoon hanggang pinaliit na kompanya.

Samantala, bunga ng paparaming armas na nakukompiska, nabubuo ang mas marami pang yunit gerilya. Pitong platoon, halimbawa, ang kaagad maaarasan ng 126 malalakas na ripie na nakukompiska sa 38 operasyon sa Mindanaw sa loob ng anim na buwan [tingnan sa pahina 8].

Sa mga taktikal na opensiba'y napatunayan ng marami pang Pulang mandirigma ang kanilang kakayahan at potensyal sa pamumuno. Naipapalalas ng mga Pulang kumander ang kanilang kasanayan sa paglawak ng pormasyong mas malaki sa iskwad. Mula sa hanay nila lumilitaw ang mga kadre sa militar na may kakayahang magplano at mamatnugot sa mas matagal at mas masaklaw na mga operasyong militar.

Rekisitong militar

Sa pagbubuo ng mga CYC, kailangang dumaan ang mga Pulang mandirigma at kumander sa sistematikong pagsasanay, hakbang-hakbang na maitayo ang sistemang serbisyo ng hukbong bayan, at mabuo ang komand sa operasyon sa hiwalay sa mga panteritoryong organisasyon ng Partido.

Kasabay ding binubuo ang mas maraming yunit partisano at yunit milisya.

Sa mga pagsasanay pampulitika: militar, pinag-aaralan ng mga Pulang mandirigma at kumander ang mga prinsipyo't karanasan sa pagsusulong ng digwang gerilya sa kanilang rehiyon, gayundin sa iba pang rehiyon ng bansa. Tinatalakay ang kabuuang kalagayan at pwersa ng kaaway, at ang mahusay na pagkontra sa mga kampanya nito.

Bahagi ng pagsasanay ang mga ehersisyo mula sa combat drills hanggang sa obstacle courses, mula sa paghawak ng sandata hanggang sa mga ensayo sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba (war games).

Habang umiigting ang labanan, lumalaki ang pangangailangan ng mga ganap na yunit gerilya sa mga serbisyong lohistika, paniniktik at medikal. Tungo rito, nakapagsimula na ang hukbong bayan sa iba't ibang rehiyon sa pagbubuo ng mga espesyal na yunit. Katulong dito ang mga rebolusyonaryong aktibista sa hanay ng masa.

Para mabilis na maipiano at makoordina ang gawaing militar, itinatayo ang mga komand sa operasyon sa pormasyong platun at kumpanya, at sa antas ng larangang gerilya at rehiyon.

Ang mga komand sa operasyong ito'y hiwalay sa mga panteritoryong organo ng Partido, bagamat nananatili ang pampulitikang pamumuno ng Partido sa hukbong bayan.

Sa kabilang banda, binubuo ang mas maraming yunit partisano para pasiglahin ang kumpiskasyon ng armas at pagpaparusa sa mga ispya at upisyal ng kaaway sa mga lunsod at sentrong bayan [AB, Setyembre 1982].

Ang pagkakaroon ng mas marami ring milisya ay nagpapalakas sa reserbang pwersa ng hukbong bayan. Tungo rito'y pinapalaki ang partisipasyon nito sa mga gawaing militar, tulad ng pagsuporta sa mga pwersang gerilya sa paglulunsad ng ambus at reyde at pagharang sa mga panaklolong pwersa ng kaaway. Sa isang kaso sa Hilagang-kanlurang Luzon, 60 armadong milisya ang sumaklolo sa isang yunit ng hukbong bayan na noo'y kinukubkob ng kaaway. Bunga nito'y nagawa ng mga pwersang gerilya at milisya na mabawi ang inisyatiba, at ang kubkob ay sagutin ng kontra-kubkob.

Rekisitong pulitikal

Para mabilis na mabuo at maparami ang mga ganap na yunit gerilya, mahalagang mailibre ang kalakhan ng mga Pulang mandirigma sa gawaing masa bilang pangunahin nilang gawain.


Maraming mandirigma ang matatali sa gawaing ito hanggat di pa ganap na nabubuo ang mga panteritoryong organisasyon ng Partido sa maraming distrito. Ang buong panteritoryong organisasyon ng Partido, mula sa komite ng distrito, hanggang sa mga komite ng seksyon at mga sangay, ang gumagabay sa itinatayong mga organisasyong masa sa mga baryo.

Sa marami-rami pang kaso'y di pa rin maiwan ng Mga Pulang mandirigma ang pagbubuo at pagpapakilos sa mga organisasyong masa.

Tungo sa pagbubuo ng isang ganap at matatag na panteritoryong organisasyon ng Partido, mahalagang magpalitaw at magsanay ng marami pang kadre. Sa ganitong sitwasyon, higit pa ang pangangailangan sa mga kadreng mula sa mga manggagawa, magsasaka at intelektwal.

Ang pagsasanay ng mga kadre'y inaasahang magbubunga din ng mas maraming kasapi ng Partido na marerekluta, maraming sangay ng Partido na maitatayo sa batayang antas, at mas maraming nangungumang elemento na mapapaunlad para sa gawain sa mga distrito at seksyon.

Sa pagtatayo ng panteritoryong organisasyon ng Partido sa marami pang distrito mahigpit na nakasalalay ang mabilis na pagbubuo ng mga ganap na yunit gerilya sa buong kapuluan.



Mahal ng US, ayaw ng masa

Gaya ng inaasahan, lalong nagkalapit ang papet at mga amo niyang imperyalista nang dumalaw sa United States kasaknilan ang pasistang diktador na si Marcos.

Subalit ang mamamayang Pilipino, na mahigit dalawang linggong pinaulanan ng kasinungalingan at pambobola sa dyaryo, radyo't telebisyon, ay nakahango doon ng napakahalagang aral. Kitang-kita at dinig na dinig nila na mahigpit ngang nagkakaisa sina Marcos at imperyalismo ng US na ipilit ang kanilang magkatuwang na diktadurang pasista sa malawak na masa ng sambayanan.

Nang magkita sa kabisera ng US si Marcos at si Presidente Reagan, binilog nila ang ulo ng isa't isa, at garapalang binaligtad ang katotohanan.

Sa pamumuno ni Marcos, ani Reagan, "maipagmamalaki ng Pilipinas ang solidong pag-unlad ng ekonomya nitong nakaraang dekada." Pimuri niya ang "papahusay na istandard ng pamumuhay" ng mga Pilipino, at idinagdag pa na malaking-malaki na raw ang progresong nagawa ng rehimeng Marcos sa diumanong pagrespeto nito sa mga karapatan ng mamamayan.

Si Marcos naman ay nagpakawala rin ng sobra-sobrang papuri kay Reagan. "Tiyak, siya'y lumilikha ng bagong kinabukasan para sa daigdig nating ito," aniya, at sinabi pang: "Iginuhit ng tadhana na ang United States of America ang maging tagapangalaga ng makabagong sibilisasyon."

Di lang bulaklak ng dila, kundi higit na mabibigat pang handog, ang inialay ni Marcos sa paanan ng kanyang mga amo.

Itinapon niya ang soberanya ng bansa, at hayagang ipinamarali na ang US ay maaaring gumamit nang walang limitasyon sa mga baseng militar nila rito, kahit para sa mga pakanang agresibo laban sa mga rehiyong malayo sa Pilipinas gaya ng Gitnang Silangan. Pinasigi rin niya ang US sa paglalagay ng mga sandatang nukleyar sa mga baseng ito.

Nang parangalan siya ng mga monopol-yong kapitalista ng US sa New York City, ipinakilala niya roon ang kanyang sarili bilang "inyong abang lingkod." Ipinangako ni Marcos ang buwan-pati na mga bituin, basta lang magpasok pa sila ng puhunan sa Pilipinas at sumuporta sa kanyang rehimen. Minsan pa'y namumpa siyang poprotektahan ang kanilang pamu-

muhunan "habang ako'y presidente," at ginarantyaan ang walang hanggang pag-uwi nila ng limpak-limpak na ganansyang pinipiga araw-araw sa mamamayang Pilipino.

Kongkretong patunay ng garantyang ito ang tratado sa buwis na pinirmahan ni Marcos habang nasa US. Segun dito, bababaa ang buwis na ipinapataw ng guberno ng Pilipinas sa mga korporasyong Amerikano na nagnenegosyo dito.

Nangahas pa nga si Marcos na bumanat sa imperyalismong Hapones, dahil alam niyang iyon ay gustong marinig ng US. (Pero kumuwi pa lang niya'y di siya nagatubiling manghingi ng dagdag na pantang mula sa Japan.)

Sa madaling sabi, walang dahilan para di masiyahan ang mga imperyalista ng US kay Marcos, na maaasahan nilang mangalaga at magpasulong sa kanilang kapakanan sa militar, pulitika at ekonomya sa Pilipinas at tinog-silangang Asya, ngayon at sa hinaharap.

Katunayan, walang gaano silang kinailalang gawin upang si Marcos ay magpatatubuhan at magpatalun-talon tulad ng isang tutang naglalambutsing sa amo.

Dagdag na suporta

Sabagay, ipinahiwatig ng guberno ni Reagan na tataasan ang sustentong militar na ibinibigay ng US sa rehimeng Marcos, na noong nakaraang taon ay umabot sa \$173 milyon (mahigit P1,500 milyon). Pero ang sustentong ito ay may tuwirang kinalaman sa istratohiyang pandepensa ng US, at bukod pa'y malaki ang pakinabang ng industriyang panggera ng US sa anumang tulong na ganito. Syempre, para kay Marcos, esensyal ang tuluy-tuloy at mas malaking sustentong militar para maharap niya ang kilusang rebolusyonaryo na lumalakas sa lahat ng dako ng Pilipinas.

May nakuha ring mga bagong pantang si Marcos, na di maglalaon ay kailangang bayaran ng mamamayang Pilipino sa mga imperyalista ng US, na may patong nang milyon-milyong dolyar na interes. Kabilang sa mga bagong inutang ang dagdag na \$205.5 milyon (P1.8 bilyon) para sa plantang nukleyar sa Morong, Batasan.

Nangako rin ang administrasyon ni Reagan na mag-import ng mas marami pang produkto mula sa Pilipinas sa sandaling bumuti-buti na ang ekonomya ng US. Ang problema, patuloy na nalulubog sa krisis pang-ekonomya ang US (pati na ang buong

mundong kapitalista), at di malaman kung kailan ito magsakabawi. Sa ilalim ng rehimen ng US-Marcos, di naiwasan ng ekonomya ng Pilipinas na malubog kasama ng ekonomyang US.

Protesta

Alistong tinuligsa ng mamamayang Amerikano ang suportang ibinibigay ng guberno ng US sa mapanupil na rehimen ng Marcos. Daaan-daan sa kanila ang nakilisa sa mga Pilipinong nasa Amerika sa paglulunsad ng mga demonstrasyong protesta at sa pananawagang ibagsak ang pasistang diktadura sa Pilipinas.

Ayaw ring lunukin ng masmidyang Amerikano ang mga kasinungalingang ipinaglalako ng rehimen. Sa mga pulong at interbyu, hiningi ng mga peryodistang Amerikano na ipaliwanag ni Marcos ang paniniil ng kanyang rehimen sa mga karapatan ng mamamayang Pilipino, ang pakana ng kanyang pamilya na nagtatag ng dinastiya sa Pilipinas, at ang korupsiyon ng pamilyang Marcos-Romuldez at ng buong pangkating Marcos. Ang naisagot lamang niya sa mga tanong na ito ay harap-harapang pagsisinungaling, at kahambugang di nakakumbinsi kaninuman.

Animo'y hari-harian sa mga sinaunang komedya, enggrandeng nagparoo't parito sa US sina Marcos at kanyang 2,000 alalay, na diumano'y 15 eroplano ang sinasakyan at buong buong palapag ng magagandang otel ang tinutuluyan. Ero-eroplanong mga bataan ang hinakot mula sa Pilipinas para magkunwaring Amerikanong Pilipino at lumahok sa mga "demonstrasyon ng pagsuporta."

Ang gastos na babayaran ng mamamayang Pilipino para sa buong palahas ay tinatanyang umabot sa \$20 milyon (\$180 milyon). Sukod pa ito sa milyon-milyong pisong ginasta upang "salubunging parang bayani" ang mag-asawang Marcos pagdating nila sa Maynila noong Setyembre 30. Binigyan ng kwarta, tiserat at iba pang pagpapaya ang mga empleyado ng guberno, para dumalo sa seremonya ng pagsalubong.

Subalit ang naghihintay kay Marcos sa Pilipinas ay ang malagis na katotohanan. Ilang linggo nga siyang nagpakasarap sa kalinga't asikaso ng imperyalismong US para sa kanyang rehimen. Ngayon naman, kailangan niyang harapang muli ang poot ng buong sambayanang Pilipino.

Naghangad ng reporma, nagtagnayod ng rebolusyon

Labindalawang taon makaraang manawagan para sa reporma at mapayapang pagbabago sa lipunang Pilipino, nagbuwis ng buhay si kasamang Edgar Jopson bilang isang bayani ng rebolusyong pambansa-demokratiko.

Isa siya sa maraming rebolusyonaryo na namulat sa pangangailangan ng digmang bayan para makahit ang minimithing mga pagbabago sa lipunang Pilipino, matapos mapatunayan na talaga ngang ang estado ay marahas na instrumento ng naghaharing mga reaksyonaryo, at walang ibang paraan kundi wasakin ito nang buong-buo.

Noong 1970, presidente si Edgar Jopson ng Pambansang Pagkakaisa ng Istudyante ng Pilipinas (National Union of Students of the Philippines o NUSP). Isa ito sa pinakamalaking mga organisasyon ng istudyante noon, na sa sarili nitong paraan ay nagsisikap na mabago ang lipunang Pilipino, ngunit sa labas ng bumabuwel na pambansa-demokratikong kilusan.

Tapat sa interes ng mamamayang Pilipino ang mga kabataang katulad ni Edgar Jopson, at hinangaan ng madla ang kaniyang sipag at sigasig sa paghingi ng reporma.

Subalit noong panahong iyon, wala pa silang malinaw na pagkaunawa sa tunay na kalikasan ng kaway. Itinuturing nila ang estado na isang hyutral na organong nakaangat sa lipunan na masaring tumugon sa pangangailangan ng mamamayan kung malipiririnig lamang ang boses ng mga ito. Kayat iginiit nila ang malinis na eleksyon, inilantad ang masasamang upisyal, hininging baguhin ang Konstitusyon. Dapat minang masaid ang mapayapang pamamaraan, anila, at hindi pa kailangan ang rebolusyon.

Sandali lang, at naghubad na ng masakara ang reaksyonaryong estado. Pinatindi ng pangkating US-Marcos ang pasistang militarisasyon hanggang sa pormal na pagpataw ng batas militar noong 1972. Pinunit ng diktadura ang dating konstitusyon, tinutukan ng baril ang Kumbensyong Konstitusyonal, binalewala ang batayang mga karapatan ng mamamayan, at marahas na sinalakay ang masa.



EDGAR JOPSON

Noon natalos nina Edgar Jopson na sadyang gagamitin ng reaksyonaryong estado ang katangian nitong mapamupil para gurugin ang anumang makabuluhang banta sa naghaharing sistema. Noon niya nakita na wasto ang panawagan ng pambansa-demokratikong kilusan--digmang bayan nga ang sagot sa batas militar!

Pagbabago

Sa harap ng nagbabagong kalagayan, mabilis na itinakwil ni Edgar Jopson ang mga maling ideya. Pinili niyang ibuhos ang sarili sa paglilingkod sa masa. Hindi naging mahirap ang disisyong ito, sa-pagkat noon pa'y bukas na siya sa mga karanasan at ideya ng iba, at sabik din siyang matuto sa pamamagitan ng tuwirang pagkilos at pakikisalamuha sa masa. Inilaan niya sa rebolusyon ang kanyang talino at kahusayan sa pag-oorganisa.

Tulad niya, marami pang ibang miyembro ng NUSP at kahanay na organisasyon ang pumaloob sa rebolusyonaryong kilusan.

May 176 bagong armas ang BHB sa Mindanaw

Sa 38 operasyon sa Mindanaw sa loob ng anim na buwan (Marso hanggang Agosto 1982), nakasamsam ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng 176 na malalakas na riple at nakapatay ng 51 kaaway, ayon sa di kumpletong mga ulat.

Ang mga tagumpay ng BHB sa isla ay resulta ng siyam na reyd laban sa CHDF, 26 na operasyong ispero at tatlong ambus.

Sa siyam na reyd sa CHDF sa panahong nabanggit, nakakumpiska ang BHB ng 127 malalakas na riple, nang hindi kinailangang magpaputok. Karanihan sa mga nasamsam ay Garand at karbin.

Nakakumpiska pa ang BHB ng 34 na malalakas na riple sa 26 na operasyong ispero sa Surigao del Sur (13), Agusan del Norte (3), Davao City (3), Davao del Sur (3), Davao del Norte (2), at Agusan del Sur (2). Nakapatay ng 18 kaaway ang hukbong bayan sa mga operasyong ito.

Sa isa namang ambus sa komboy ng kaaway sa Bayog, Zamboanga del Sur, noong Mayo 23, nakaagaw ng limang M-16 ang mga Pulang mandirigma at nakapatay ng 20 sundalo ng 30th IB (PA).

Timugunan nila ng tapat at masigasig na pag-aaral at pagsusuri ang panghihikayat sa kanila ng pambansa-demokratikong kilusan. Hi nagtagal, unako sila ng mga gawain sa pagpapalawak ng nagkakaisang prente, sa armadong pakikibaka, at sa pagpapalakas sa wastong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Lalong napatunayan ang katumpakan ng armadong rebolusyon sa aktwal nilang paglahok dito. At lalo ring umunlad ang magagandang katangian ng mga kasamang ito. Hallabawa, nang si Edgar Jopson ay madakip ng kaaway noong 1979, sinungaban niya ang umang pagkakataon upang makatakas at makabalik sa pangunahing agos ng pakikibaka, upang puspusang bumalik ng mas mabigat pang gawain.

Katulad niya, nasawi na rin sa pakikibaka ang ilang kasamang nag-umpisa sa paghingi ng reporma. Ang buhay at pagkilos nina Edgar Jopson, Zacarias Agatep, Emmanuel Yap, Carlos Tayag, Puri Pedro, Dante Perez at iba pa ay tumatanglaw sa landas ng armadong rebolusyon.

May ambus ding isinagawa ang BHB sa Davao City noong Abril 11 at sa Misamis Occidental noong Abril 24. Nakakumpiska ang mga gerilyang bayan ng dalawang riple at nakapatay ng apat na sundalo sa Davao City samantalang walong riple mula sa walong napatay na INP ang nasamsam sa Misamis Occidental.

Ang mga reyd laban sa CHDF ay naganap sa Agusan del Sur (3), Bukidnon (3) at Zamboanga del Sur, Davao del Norte, at North Cotabato (tig-isa).

Ang pinakahuli sa mga operasyong ito ay ang reyd ng mga Pulang mandirigma sa isang ditatsment ng CHDF sa Esperanza, Agusan del Sur, noong Agosto 10. Bago nito, noong Agosto 9, nireyd ng mga gerilyang bayan ang upisina ng trosohang Cresta Monte sa munisipalidad ding iyon. Isa sa mga may-ari ng trosohang ito ang minister ng rehimen sa depensa, si Juan Ponce Enrile.

Sa dalawang operasyong ito, nakakumpiska ang BHB ng 27 riple at iba pang gamit militar.

Noon namang ikatlong linggo ng Hulyo, nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng anim na Garand at limang M-1 karbin sa isang reyd sa Loreto, Agusan del Sur. Isang CHDF ang pinarusahan sa reyd na ito.

Sa Davao del Norte, dinisarmahan ng BHB ang 23 CHDF sa dalawang baryo sa San Vicente noong Hulyo 28. Ang San Vicente

ay kilala rin sa pangalang laac, na naging sentro ng paghahamlet ng diktadura sa Davao del Norte.

Ayon sa ulat ng koresponsal, dinisarmahan ng mga gerilyang bayan ang 11 miyembro ng CHDF at kapitan ng baranggay sa baryo Belmonte, at ang 10 pang CHDF at kapitan ng baranggay sa baryo Andap.

Ang tatlong reyd sa Bukidnon ay isinagawa ng hukbong bayan noong Mayo 15 sa Magsaysay, Quezon; Mayo 20 sa Baroy, Cadingilan, at Mayo 26 sa Cawayan, Que-

zon. Nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng 30 riple sa tatlong operasyon.

Noong Abril 6, anim na riple ang nakumpiska ng BHB mula sa mga CHDF sa baryo Biangan, Makilala, North Cotabato. Pagkatapos, ang masa ay pinulong ng mga Pulang mandirigma.

Sa Zamboanga del Sur, ang reyd sa tatlong yunit ng CHDF sa Dumingag noong Marso ay nakapagdagdag ng 26 na Garand at apat na karbin sa lakas-riple ng BHB.

MANOBO: *mga kapatid at kasama*

Sa kaingin sa pusod ng gubat, isang kumperensya ang nagaganap. Sa isang panig, mga Manobo, na ang mga lider ay mading makilala sa karas na suot sa ulo. Sa kabilang panig, ang walo-kataong yunit ng Bagong Hukbong Bayan,

habang umiikot ang sisidlan ng ikmo, apog at bunga, masiglang lumalakad ang usapan. Bago sumubsob ang araw, pinagti-bay ng kumperensya ang planong disarman ang kalapit na pwersang paramilitar ng Panamin. Tinanguan din ang pagsampa ng apat na bagani, mga mandirigmang Manobo, sa BHB.

Sa Mindanaw, pumapangalawa ang mga Manobo sa mga Moro bilang pinakamalaking grupo ng pambansang minorya. Di bababa sa 350,000 Manobo ang naninirahan sa bulubunduking mga hangganan ng Agusan del Sur, Bukidnon, North Cotabato at Davao del Norte; sa Agusan del Norte at Misamis Oriental, at sa pagitan ng Agusan del Sur at Surigao del Sur.

Nabubuhay sila sa pagkakaingin at pagbebenta ng nakukuhang produkto mula sa gubat. Walang pribadong pag-aari sa kagamitan sa produksyon. Ang lupa, mga ilog, larian at kagubatan ay para sa lahat ng nangangailangan. Lahat ng pwedeng magtrabaho ay gumagawa. Ang bunga ng trabaho ay pinagsasaluhan ng buong komunidad nang walang pagtatangi.

Kolektibong namumuno sa komunidad ang ilang datu at mga bagani. Ang mga titulong ito ay di namamana, kundi ibinibigay o binabawi ng komunidad, batay sa kakayahan nilang ipagtanggol at asikasuhin ang kolektibong interes.

Pang-aapi, paglaban

Tulad ng iba pang minorya, ang mga Manobo ay naging biktima ng masidhing

pang-aapi ng reaksyonaryong guberno at mga naghaharing uri sa Pilipinas. Mga tao silang mahinahon, pero napilitang mailaban sa malalakas na kaaway. Dito tumingkad ang kakayahan nilang magtanggol, na ngayon ay tradisyon ng mga bagani.

Mula pa noong tuwirang naghahari ang imperyalismong US sa Pilipinas, malawa-



ISANG BAGANI na inspirado ng magiting na tradisyon ng mga Manobo; bahagi sila ng isang pambansang komunidad na nagmamalasakitan at nakikibaka para sa kapakanan ng lahat.

kan at sistematiko nang naagawan ng lupa ang mga pambansang minorya. Simula noong Public Land Act ng 1905, sunod-sunod na batas ang ipinatupad para ita-boy sila mula sa pinakamahuhusay na lupa.

Lumaganap ang mga trosohan at plantasyong pag-aari o kontrolado ng mga dayuhan at ng lokal na burgesyang komprador. Noong 1970, sakop na ng mga ito ang 80 porsyento ng dalawang probinsya ng Agusan. Kalakhan nito'y lupaing Manobo.

Di lang sila itinaboy ng malalaking kumpanyang ito, ginawa pa silang alipin. Pana-panahon silang pinagtatrabaho nang libre para sa kumpanya. Sinasaktan ang nahuhuling umiiwas. Ikinukulong ang mga tumututol. Pinapatay ang mga nagtatangkang tumakas o nanlalaban. Magtakda ng limitasyon sa pagkakaingin at pagkuha ng produktong gubat.

Di nagtagal, nag-aaway-away na ang malalaking kumpanya tungkol sa saklaw ng kani-kanilang konsesyon. Nagnanakawan sila ng troso. Ginawa nilang mga pribadong hukbo ang mga komunidad ng Manobo. Halimbawa, inarman ng Nasipit Lumber Company ang komunidad ni Datu Mankalase para iharap sila sa armadong grupo ng J.C. Aquino Timber.

Pumalit ang pakanang ito nang itutok ng mga Manobo ang kanilang armas sa mismong mga kumpanyang nagpapahirap sa kanila. Nag-aklas si Datu Mankalase noong 1969, si Datu Manpatilan noong 1971, at iba pang mga komunidad ang sumunod.

Natigatig ang rehimen at malalaking trosohan. Para supilin ang pag-aaklas ng mga Manobo, ipinadala ang Panamin (Presidential Assistant for National Minorities) noong 1972 at lihim na pinapatay sina Datu Mankalase at Datu Manpatilan.

Ang mga grupong nag-alsa ay ibinukod agad ng Panamin sa mga settlement. Sa mga kulungang ito, ginawa ang lahat para lasunin ang kaisipan ng mga Manobo. Nagpapasasa ang ilang upisyal ng Panamin sa bunga ng sama-samang paggawa ng inali-ping masa.

Pagkilos ng Partido

Noong 1975 nagsimulang kumilos ang mga kadreng Komunista sa hanay ng mga Manobo.

Sa simula pa lang, sinikap nilang iangkop ang linya at mga patakaran ng Partido sa mga pambansang minorya batay sa kanilang aktwal na kalagayan, tradisyon at kultura.

Halimbawa, nirespeto ng mga kadre at mandirigma ng BHB ang mga lider Manobo at ang pamamaraan nila ng pamumuno. Itinaguyod at pinaunlad ang sistema nila ng paghingi sa opinyon ng nakararami sa pag-sayos ng iba't ibang usapin.

Tumulong din ang mga kasama na napa-unlad ang pamamaraan sa produksyon nang di ginagalaw ang sistemang komunal.

Isang magandang tradisyon ng mga Manobo ang pagbibigay-diin sa panghihikayat sa nagkakasalang indibidwal. Hanggang maaari, ayaw nilang gumamit ng pwersa. Kaya sa pagdidisarma sa pwersang paramilitar ng Panamin, iniwasan ng BHB na masaktan o mapatay ang isa man sa mga Manobong napilit o nalinlang lamang ng kaaway.

Dahil mahusay na nailapat ang linya ng Partido, at mahusay ang pakikitungo ng mga kasama sa kanila, mas nabibigang napaunlad ang kamalayang pampulitika at kakayahang lumaban ng mga Manobo.

Tinulungan sila ng Partido na makatas ang mahahalagang liksyon mula sa kanilang mga karanasan sa pakikibaka. Natukoy nila ang mga pakana para hatiin sila't pagharian ng kaaway. Nilinaw ang linya at programa ng Partido para sa buong sambayanan.

Sa inisiyatiba ng mga baganing naging mandirigma ng BHB, nagpulong ang mga lider ng iba't ibang komunidad. Pinalakas nito ang kakayahan ng bawat komunidad na magtanggol laban sa kaaway, at pinasimulan ang pagbubuo ng organisasyong bibigkis sa kanilang lahat, sa darating na panahon.

Ang pagtataguyod ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa interes ng mga Manobo ay nagbigay sa kanila ng bagong diwa ng komunidad. Nadadama nila ngayon na bahagi sila ng isang pambansang komunidad na nagmamalasakitan at nakikibaka para sa kapakanan ng lahat.

Kaya naman ubos-kaya ang pagtataguyod nila sa rebolusyon. Paparami ang mga baganing pinasasampa nila sa hukbong bayan. Buong sipag silang nagpopropaganda sa iba pang mga minoryang malapit sa kanila tulad ng mga Mansaka, Mandaya, Ata, Bukidnon at Dibabawon.

Sa tulong nila, madaling nakabisa ng mga yunit ng BHB ang kalupaan at nabibigang napusisyonan ang ilang istrategikong bahagi ng Mindanaw.

Ang mga karanasan natin sa hanay ng mga Manobo sa Mindanaw ay nagpayaman sa pagkaunawa at pagtataguyod ng Partido sa mga pambansang minorya sa buong Pilipinas.

Sibilyan, ginagawang

Pinahinto ng dalawang sundalong PC ang pampasaherong dyipni na papunta sa poblasyon. Pagsakay ng dalawa, nagsiba-baan naman ang mga pasahero. Nang tanungin ng isang PC kung bakit, anila: "Mahirap sumabay sa inyo. Baka kami'y abutan ng disgrasya."

Sa iba't ibang paraan, pilit na nagtatago sa hanay ng masa ang mga pasistang tropa ng gubyrerno upang gawin silang pananggalang sa surpresang atake ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) habang sila'y naglalakad, nagbabayahe o nakahimpil.

Kayat hindi nakapagtataka kapag pinapwersa nila ang mga may-ari o drayber na ipagamit sa kanila ang pribadong sasakyan tulad ng pick-up o dyipni.

Sa kanilang pagpapatrulya, sapilitang isinasama rin ng kaaway ang mga taumbaryo, hindi lang para magdala ng sarili nilang mga gamit, kundi bilang panangga rin.

Nagpiprisinta ang mga pasistang tropa na "gwardyahan" ang mga sibilyang empleyado na may trabaho sa bundok o liblib na lugar. Ang totoo, ginagawa lang silang panangga ng mga sundalong kaaway. Ito ang karanasan ng mga tauhan, halimbawa, ng NIA (National Irrigation Administration) at MAR (Ministry of Agrarian Reform).

Nitong nakaraan, mas madalas humimpil sa bahay ng masa ang mga pasista. Nangunurakot sila, at humihingi pa ng masarap na pagkain. Sa Cagayan Valley, inokupahan ng kaaway ang ilang bahay sa bawat baryong dinaraan nila sa pagpapatrulya. Karaniwa'y lima-limang sundalo ang napipilitang patuluyin ng maybahay.

Alam ng masa na mapang-abuso ang kaaway, at marami na nga sa kanila ang naging biktima ng mga tropa ng gubyrerno, kayat sadyang ilag sila sa mga ito.

panangga ng kaaway

Madalas, kapag namimilit ang mga pasistang sundalo, gumagawa ng paraan ang masa upang mabukod ang mga ito. Sa kanilang paghiwalay at paglayo, nabibigyan nila ng magandang pagkakataon ang BHB na maglunsad ng taktikal na opensiba laban sa kaaway. Lalong mainam kapag napapasa-han pa ang BHB ng impormasyon, halimbawa, tungkol sa bilang ng nakatipong kaaway, ranggo ng opisyal, ruta, at iba pa.

Tumatanggi naging ang mga sibilyang empleyado ng gubyrerno na samahan sila ng mga pasistang tropa sa pagpunta sa bundok o liblib na lugar. Ayaw nilang maging kasangkapan sa pang-abuso sa masa at nangangamba silang madamay kung sakaling magkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga sundalo ng gubyrerno at mga mandirigma ng BHB.

Pag-iwas

Sa panig naman ng mga gerilyang bayan, iniwasan nilang may matamang sibilyang kasama ng kaaway. Matutukoy na halimbawa ang ambus sa dalawang bangkang demotor sa Pambujan, Northern Samar, noong 1980.

Dalawang iskwal ng 60th PC Bn ang lulan ng dalawang bangka. Sa ikalawang bangka, may dalawang bihag na nagsasaka.

Ikinonsentra ng mga Pulang mandirigma ang putok sa nauunang bangka. Malipol ang kaaway sa unang bangka. Sa ikalawang bangka, isang kaaway ang napatay, nakatakas ang iba, at nagsisuko ang mga natira. Kahit daplis ay di tinanaw ang dalawang bihag na biglang napalaya.


Sa panamagitan ng masusing pagsisiyasat, masinop na pagpapalano, pagsesalang-alang sa mga posibilidad, at apantlikhang pleksibilidad, iniwasan din ng hukbong bayan na madamay sa operasyong militar ang mga sibilyan.



Halimbawa, kung sa haywey ang lugar ng ambus, pinahihinto ng mga Pulang mandirigma ang mga dumarating na sasakyan sa sandaling makapasok sa ambush site ang tinatambangang sasakyang militar. Sa gayo'y natitiyak na walang madadamay na sibilyan.

Sa karamihan ng mga operasyong pagdisarma sa CHDF, gumagamit naman ng taktikang panlalansi ang mga gerilyang ba-

Sa Gitnang Silangan



Zionismo, berdugo ng US

Gabi ng Setyembre 16 nang magliwanag sa mga silyab (fireflares) ang kalangitan sa Sabra at Shatilla, dalawang kampo ng mga Palestinong repyudyi (refugee) sa Beirut, Lebanon.

Pinaputok ito ng mga sundalong Israeli para ilawan ang 600 reaksyonaryong milisyang Lebanes na pinapasok sa kampo para lipulin ang mga repyudyi.

Para hindi maketakas ang kanilang mga biktima, binantayan ng mga tropang Israeli ang paligid ng mga kampo. Apatnapung oras na walang tigil ang masaker. Dumanak ang dugo ng may 1,800 Palestine, na ang karamiha'y mga matanda, babae't bata.

Dahil sa krimeng ito'y kinondena ng buong mundo hindi lamang ang guberno ni Begin kundi pati ang Zionismo, ang pwersang pampulitikang nasa ubod ng estado ng Israel.

Moling pinaalala ng mga pangyayari sa Sabra at Shatilla ang mahabang listahan ng krimen ng Zionismo. Dahas ang ginamit para makapanirahan sa Palestine ang mga Hudyo. Dahas ang ginamit para mapalayas ang mamamayang Palestino sa sarili nilang lupain at maitatag dito ang estado ng Israel. Dahas ang ginamit para mapalawak ang teritoryo ng Israel na ngayo'y halos sumasakop na rin sa buong Lebanon. Sa loob ng 85 taon mula itatag ang Zionismo, wala itong ibang idinulot kundi labis na karamihan at pasakit.

yan upang maiwasan ang di kinakailangang pagpiputukan na maaaring makapinsala sa taumbaryo.

Habang umuunlad ang kakayahan sa paglaban ng mga yunit ng HMB, patuloy na pinag-aaralan ng mga ito ang mga hakbang para lalo pang maiwasan na mapinsala ang masa sa mga taktikal na opensiba. Isa itong dahilan kung bakit lalong napapalapit ang kalooban ng masa sa kanilang hukbo.

Pinagmulan

Ang nauna mismo sa Zionismo ay ang kilusang tinatawag na Hibbat Zion, na tumututol sa laganap na pagmamalupit sa mga Hudyo sa nalalansag nang mga lipunang pyudal sa silangang Europa noong ika-19 na siglo. Nanawagan ang Hibbat Zion na ibalik ang mga Hudyo sa Palestine, ang dating bayan nila may 2,000 taon na ang nakalilipas, ngunit noon ay naging bayan na ng mga Arabeng Palestino.

Sa kabilang banda, ang mga Hudyo sa kanlurang Europa ay mas madaling naasimila sa mga mas maunlad na kapitalistang bayan doon. Nagmula sa kanilang hanay ang mga nagtatag at namuno sa Zionismo na lumitaw noong katapusan ng ika-19 na siglo. Takot ang mga Hudyong petiburges na mapahamak ang sariling asimilasyon, kung sa kanlurang Europa papayagang lumipat ang mga Hudyong nasa Silangang Europa. Kaya itinulak nila ang pagbabalik ng mga ito sa Palestine. Nang maglaon, unanib na rin ang malaking burgesyang Hudyo nang makita nito na ang itatayong estadong Hudyo ay maaaring gawing pamilihan at lugar para mamuhunan.

Mula pa noong unang Kongresong Zionista ng 1897, may intensyon na ang mga pinuno ng kilusan na patalsikin sa Palestine ang mga Arabe. Gusto nila itong gawing estadong para sa mga Hudyo lamang.

Napasakamay ng imperyalismong Britaniko ang Palestine noong Unang Digmaang Pandaigdig. Dahil gusto ng mga imperyalistang Britaniko na ang Palestine ay gawing maka-Europang kolonya sa Gitnang Silangan, sinuportahan nila ang Zionismo. Itinaguyod ang imigrasyon mula sa Europa. Itinatag ang isang malakas na makinaryang pang-estado na nakapailalim sa administrasyong Britaniko ngunit hiwalay dito.

Pagkaraan ng 1931, nang tumindi ang pasismo, mas maraming Hudyo ang napilitang tumakas mula Europa. Inasikaso ng mga pinunong Zionista na mapapunta sa

Palestine ang mga Hudyo ng ito. Ang tala-
gang nasa isip ng mga pinunong ito ay
hindi para iligat sa pagmasasaker ni
Hitler ang karamihan ng mga Hudyo kundi
para punuin ng mga Hudyo ang Palestine.

Noon pa nang 1920, mahigpit nang ni-
lalabanan ng mga Arabe ang imigrasyon ng
mga Hudyo. Nang sumiklab ang malawakang
pag-aalsa noong 1936, matindi itong si-
nupil ng mga tropang Britaniko na katu-
long ang mga yunit paramilitar ng Zion-
ismo. Minasaker at dinisarmahan ang mga
Arabe, at nilansag ang kanilang mga or-
ganisasyong pampolitika.

Noong papatapos na ang Ikalawang Diga-
maang Pandaigdig, 30 porsyento na ang
mga Hudyo sa populasyon ng Palestine
(mula 10 porsyento noong matapos ang
Unang Digmaang Pandaigdig). Mayroon na
rin silang isang gubyernong awtonomo,
malakas na hukbong kumpleto sa armas
(ang Haganah), at industriyang pandigma.

Estado ng Israel

Samantala, tumingkad ang paglalapitan
ng interes ng Imperyalismong US at ng
Great Britain sa Gitnang Silangan. Nang
maging numero-umong kapangyarihang im-
peryalista ang US noong ikalimang Digma-
ang Pandaigdig, lalong lumaki ang inte-
res nito sa rehiyon. Naghanap ito ng ma-
pagbubuhusan ng puhunan. Hinangad nito
ang kayamanan, laluna ang langis, ng mga
bayang Arabe.


Ngunit noong panahong iyon, mahina pa
ang kontrol ng imperyalismong US sa mga
naghaharing uring Arabe. Nakita ng im-

peryalismong US na ang pinakamamasya na
paraan para maipalak ang kanyang interes
ay sa pamamagitan ng pang-ekonomya't
pampolitikang dominasyon ng isang esta-
dong Zionista na hawak at suportado ng
US.

Pinsagpasyahan ng Mga Bansa ng Nagkaka-
isa (United Nations o UN) ang paghahati
sa Palestine noong 1947, at ibinigay sa
mga Zionista ang mahigit kalahati ng mga
lupain gayong ang mga Hudyo ay bumubuo
lamang sa isang-katlo ng populasyon.
Nagmanobra ang US para lumabas ang di-
sisyong ito.

Ngunit walang paghanating naganap.
Bago pa man walaalis ang mga Britaniko,
naglungsad na ang Zionismo ng malawakang
oposiba laban sa mamasyang Palestino.
Iprinoklama nila ang estado ng Israel
noong 1948 at inangkin ang teritoryong
dapat mapunta sa mga Palestino. Inagaw
ng mga Zionista ang buong Palestine nang
sumunod na taon, matapos biguin ang sa-
bay-sabay na paglusob ng mga Arabe. Ha-
los isang milyong Palestino ang maramas
na pinalikas mula sa kanilang lupang ti-
nubuan. Ang marami'y naging repudyi sa
Jordan, Egypt, Syria at Lebanon.

Mula noon, ang Israel ay pinaunlad ng
Imperyalismong US para naging taliba ni-
to sa Gitnang Silangan. Limpak-limpak na
para ang ipinagtang sa Israel at pinata-
tag ang makinaryang pandigma doon.
Noong 1979, umabot sa \$15 bilyon (\$132
bilyon) ang kabuuang tulong ng US sa Is-
rael. Ngayong 1982 lang, tumanggap ito
ng \$1.4 bilyong (\$12.3 bilyon) tulong
militar at halos \$800 milyong (\$7 bil-
yon) suportang pang-ekonomya.



Pananakop

Sa pagtataguyod ng imperyalismong US, pinalawak ng Zionismo ang teritoryo sa paglipas ng mga taon.

Noong 1956, sinalakay ng Israel ang Egypt at sinakop ang Sinai Peninsula at Gaza. Nang sumunod na taon, dahil sa pagtutol ng buong mundo ay napilitan ang Israel na pansamantalang iwan ang mga lugar na ito.

Pero, noong 1967, muling nilusob ng Israel ang Egypt. Nilusob na rin ang Jordan at Syria. Nang matapos ang tinatawag na Gerang Arim na Araw, nasakop ng Israel ang buong Sinai Peninsula, ang silangang pampang ng Suez Canal, ang Gaza Strip, ang kanlurang pampang ng Ilog Jordan, at ang Golan Heights ng Syria. (Tingnan ang mapa).

Ngayong taong ito, nilusob ng Israel ang Lebanon nang may lubos na suporta ng US. Nilayon ng Israel na lansagin ang

Organisasyon sa Pagpapalaya ng Palestine (Palestine Liberation Organization o PLO) at itayo ang papet na gubernong Lebanes sa Beirut. Sa harap ng magiting na paglaban ng mga Palestino at pagkondena ng buong mundo, hindi nakuhang durugin ng mga Zionista ang PLO. Napilitan ang imperyalismong US na ayusin ang ligtas na ebakwasyon ng mga pwersa ng PLO mula sa Lebanon.

Pagkatapos, iniatras agad ng US ang pwersa nito mula Beirut gayong alam nito na pag-iinitan ng Zionismo ang mga sibilyang naiwan doon. Ang nangyaring pagdanak ng dugo sa Sabra at Shatilla ay kinasuklamap ng buong mundo. Kahit sa Israel, negdemonstrasyon ang samanayang Hudyo sa galit nila sa kanilang guberno.

Ang Zionismo ay mas nahihihwalay ngayon kaysa dati. Ang imperyalismong US na lamang ang natitirang matatag na aliyado nito. Sa UN, may mungkahing patalsikin ang Israel sa komunidad ng mga bansa. ☉

MGA BALITA

Nars, nagprotesta

May 5,000 nars sa iba't ibang ospital sa Metro Manila at maraming lugar sa Pilipinas ang nagkabit ng pulang ribbon sa kanilang puting uniporme nitong Oktubre para ipahayag ang kanilang ipinaglalaman sa kabuhayan.

Bukod sa 2,000 nars sa Metro Manila, nagpahayag din ng protesta ang mga nars sa Leyte, Nueva Ecija, Iloilo, Aklan, Capiz, Negros Occidental, Baguio City at Davao City.

Nakasulat sa mga ribbon ang matagal nang ipinaglalaman ng mga nars: itaas sa P1,500 ang buwanang sahod nila; paunlarin ang kalagayan sa trabaho; pagtibayin agad ang mga batas sa nursing; ipatupad ang mga batas sa paggawa para protektahan ang mga manggagawa. Tinutulan din ng mga nars ang paghahabol sa ganansya ng mga may-ari ng ospital.

Nanguna sa protestang ito ang Samahan ng mga Nars sa Pilipinas (Philippine Nurses Association o PNA) na kumakatawan sa 18,000 rehistradong nars sa buong kapuluan.

Sa Metro Manila, unang nagprotesta ang mga nars ng Philippine General Hospital, Ospital ng Bagong Lipunan, Veterans Memorial Hospital, National Mental Hospital, Santo Tomas University Hospital at Manila Central University Hospital. Nagsuot din ng pulang ribbon at nakisimpatya ang mga doktor at ibang tauhan, maging ang ilang pasyente.

Ang iginigiit ng mga nars ay sinuportahan ng 14 na pambansang organisasyon sa kalusugan at mga samahan ng konsumer, istudyante at relihiyoso.

Dalaw, tinutulan

Hayagang tinuligsa ng samahan sa Metro Manila ang papahigpit na sabwatan ng papet na rehimen at imperyalismong US, sa sunud-sunod na mga piket at rali kaugnay ng pagdawal ni Marcos sa kanyang mga amo noong Setyembre.

Bago siya umalis, tatlong beses nagpiket ang mga kabataan at istudyante sa embahada ng US noong Setyembre 7-13.

May 2,000 ang nagtipon sa harap din ng embahada noong Setyembre 23 upang igiit ang paglansag sa mga baseng mili-

tar ng US sa Pilipinas, tutulan ang dominasyon ng US sa ekonomya, at kondena-hin ang panunupil ng rehimen sa mga organisasyon ng manggagawa.

Nang makauwi na sa Pilipinas ang pasistang papet, 4,500 tao mula sa lahat ng sektor ng mamamayan ang nagdaos ng raling protesta noong Oktubre 1 sa Liwasang Bonifacio.

Rali sa Bacolod

Tinuligsa ng mahigit 35,000 mamamayan sa isang rali sa Bacolod City nitong Oktubre ang tumitinding militarisasyon sa katimugang Negros.

Ang rali ay pinangunahan ng Hugpong (alyansa ng mga sektoral na organisasyon sa Negros), Pambansang Samahan ng Manggagawa sa Tubuhan (National Federation of Sugarcane Workers o NFSW), at Nagkakaisang Organisasyong Makabansa at Demokratiko (United Nationalist and Democratic Organization o Unido).

Binatikos sa rali ang pang-aabuso ng Task Force Manila ng PC sa mga bayan ng Negros Occidental, laluna sa Cauayan, Hinoba-an, Ilog, Candoni, Kabankalan at Sipalay.

Hiniling din sa rali na palayain ang mga opisyal ng Kilusang Mayo Uno (KMU), sina Felixberto Olalia at Crispin Beltran, na ipinadakip ng rehimen noong Setyembre sa bintang na "sedisyon".

51st PC Bn

Sa tulak ng protesta ng mga mamamayan ng Cagayan laban sa 51st PC Battalion, inalis kamakailan ng rehimen ang batayong ito mula sa probinsya.

Maski ang gobernador ng probinsya at mga lokal na opisyal (kabilang ang mga meyor) ng Gattaran, Lallo, Camalaniugan at Buguey ay nagpahayag ng pagkondena sa pang-aabuso ng 51st PC Bn.

Nitong katapusan ng Setyembre, apat na pulis at isang drayber ang namatay at 20 tao ang nasugatan nang manggulo ang mga elemento ng 51st PC Bn sa pista sa Assiddig, Gattaran.

Ang 51st PC Bn din ang responsable sa maraming insidente ng masaker at paisa-isang pagpatay sa mga taga-Cagayan, na ang karamihan'y mga magsasaka. Sa loob ng 11 buwan noong 1981, 64 ang naging biktima ng mga tropa ng guberno sa probinsya.

Bukod dito, ang yunit na ito ng kaway ay marami ring ginawang panununog sa mga bahay at kamarin ng magsasaka, illegal na pang-aaresto, pagnanakaw, pambubugbog at iba pang pamiminsala.

Ang mga pang-aabuso ng mga pasista sa Cagayan ay sinagot ng sunud-sunod na protesta mula sa mga mamamayan ng probinsya.